# LIGHT READING

customer newsletter

**Mayo/Hunyo 2008**

## Inihahandog ng City Light ang mga sumusunod na insentibo sa mga tagatangkilik sa pagtulong ng mga ito sa pagtitipid sa pangka-paligirang yaman:

- I-recycle ang iyong luma, at itatapong refrigerator o freezer at makakuha ng $30 bawa't appliance (limitado: 2). Para makasali sa rebate, kinakailangang malinis ang refrigerator o freezer, nasa magandang kondisyon o gumagana at 10 hanggang 30 cubic feet ang sukat. Ang JACO Environmental Inc. ay ang kukuha ng iyong lumang refrigerator at freezers. Upang mag iskedyul ng pagkuha, tumawag sa JACO Environmental Inc. sa telepono **1 (877)577-0510** o mag iskedyul online sa **www.jacoinc.net.** Piliin ang "Rebate Pickup" tab.



- Magtipid sa kuryente at panatilihing mababa ang iyong singil sa kuryente sa pamamagitan ng paggamit ng bumbilyang compact fluorescent light kaysa sa incandescent bulbs. Ang City Light ay tumutulong sa *Twist & Save* bawas sa presyo sa maraming tindahan. Para sa listahan ng tindahan na nagbibigay ng diskwento, tumawag sa **(206) 684-3800** o tingnan ang impormasyong naka-paskil online sa www.seattle.gov/light/conserve/cv5_lw1.htm. Walang coupons o rebate forms na kinakailangan.

- Bilhin ang energy efficient na washer sa programang **WashWise** at makatipid sa enerhiya, tubig at pera at makakuha rin ng rebate hanggang $100. Para sa iba pang impormasyon tumawag sa **(206) 684-3800** o bisitahin ang www.seattle.gov/light/conserve/resident/washwise/.

Seattle Climate Action NOW

Tumulong sa pagbawas ng pagbuga ng carbon na dala ng iyong pang-araw araw na gawain. Para sa mga ideya kung paano ito gawin, tumawag sa telepono **(206) 684-3800**. Maaari mong ma-kalkula ang iyong pagbuga ng carbon sa pamamagitan ng paggamit ng calculator na naka-paskil www.seattlecan.org.

## Patnubay sa Panahon ng Tagsibol: panatilihing malinaw ang metro

Ang tagabasa ng metro ng Seattle City Light ay nangangailangan ng mahigit kumulang sa 3 pulgadang agwat sa paligid ng metro upang madali nila itong mabasa at makita. Maaari lamang tanggalin ang halaman, kagamitan, o pang-gusaling kagamitan at iba pang bagay na maaaring makatakip sa metro. Ang mga tagatangkilik na may aso at nakasaradong pinto na maaaring humadlang sa mga tagabasa ng metro upang maisagawa ang kanilang trabaho ay maaaring tumawag sa telepono **(206) 386-1731** upang humingi ng iskedyul kung kailan isasagawa ang pagbasa ng metro at makipag-ayusan sa City Light.


## Lilipat? Katanungan at sagot ukol sa iyong singil

- **Sino ang responsable sa pagbabayad ng iyong singil sa kuryente??**

Lahat ng nakatatandang naninirahan sa tahanan ay may pantay na responsibilidad sa pagbayad ng singil kahit na ang pangalan nila ay di nakasaad sa account. Ang sino mang di tumupad sa responsibilidad ay kinakailangang magbigay ng patunay na sila ay naninirahan sa ibang lugar sa kapanahunan ng singil. (SMC 21.49.100 d)

# LIGHT READING

customer newsletter



## Lilipat? Katanungan at sagot ukol a iyong singil (karugtong)

- **Maaari bang maging responsable ang landlord sa singil sa nangungupahan?**

Kung ang pagbabago sa naninirahan ay mangyari at ang nagmamay-ari o nangungupahan ay nakaligtaang sabihan ang City Light sa loob ng **10 araw ng trabaho**, ang may-ari ay maaaring singilin para sa pagkukulang ng nangungupahan. Ang mga may-ari at nangungupahan ay may pantay na responsibilidad na pasabihan ang City Light. (SMC 21.49.100B,C, SMC 21.49.130B, DPP 500PIII-302)

- **Maaari bang ipasa ang resposibilidad o singilin ang bagong nagmamay-ari o nangungupahan?**

Kung ang City Light ay walang natanggap na sulat na hiling para sa final na singil mula sa ahente ng escrow, taga-benta, o bumili, Ang City Light ay maaari ring kunin ang kabayaran  para sa di nabayarang singil mula sa buyer habang nagsasara ng transaksyon. Ang mga kompanya ng Escrow ay kinakailangang sumulat sa utilities para sa ano mang di pa nababayarang singil maliban na lamang kung may kasunduan ang nagbebenta at bumibili na palalampasin na ang notis. (RCW 60.80.020(4)(a), DPP 500PIII-302)
Upang mapasabihan ang City Light ukol sa pagbabago ng naninirahan at nagmamay-ari, gamitin ang online na aplikasyon na nakapaskil sa **www.seattle.gov/light/accounts/resa/** o tumawag sa telepono **(206) 684-3000** para sa tulong.



## Web site: Serbisyong Pang-koneksyon sa Elektrisidad

Ang website na ito ay importante kung ikaw ay nag-pa-plano ng proyekto na nangangailangan ng bago o serbisyong pang-elektrikal. Maaaring makita ang impormasyon at pinagkukunan ng impormasyon ng lahat ng klase ng serbisyong pang-kuryente kasama ang requirements, patnubay sa construction, aplikasyon, numero ng telepono at permitting links. Magtungo sa www.seattle.gov/light/ at piliin ang “Electric Service” na nakalista sa ilalim ng “Info & Help.”


Seattle City Light, 700 Fifth Avenue, Suite 3200, PO Box 34023, Seattle WA 98124-4023
www.seattle.gov/light


**Ang balitang ito ay maaaring makuha sa ibang format kung kinakailangan. Tumawag sa (206) 684-3000.**


Editor: Marilyn Mar
(206) 684-3794
Marilyn.mar@seattle.gov